

## CHAPTER One

“*L*ola, ari na ang apo mo nga gwapuhon!” sigaw ni Jessie nang makapasok sa marangyang sala ng *Villa Romana*, ang ancestral house ng pamilya Romana sa Buenavista, Guimaras.

Lumabas mula sa komedor ang mayordomang si Soledad. “*Toto Jessie, sin-o ang upod mo?*” tanong nito.

Inakbayan niya ito. “Ako lang mag-isa, Manang Idad. Nagpahatid ako sa yate,” sagot niyang nilinga kung nasaan ang abuela.

“Si Doña Amalia ba ang hinahanap mo?” Tumango siya. “Nasa manggahan ang lola mo. Anihan ng mangga ngayon.”

“Sige, Manang, pupuntahan ko na lang si Lola,” aniyang muling tinungo ang front door.

“Nasa garahe ang motor mo, To!” pahabol ni Soledad bago siya makalabas ng pinto.

Isang kickstart lang ay agad na umandar ang kanyang pulang *Ducati Sports Bike*. Mula sa *Villa Romana* ay may isang kilometro papunta sa pinakabukana ng manggahan. May limang ektarya ang kabuuan ng taniman. Isa ang pamilya Romana sa nangungunang exporter ng primera klaseng mangga sa Pilipinas.

Malapit na si Jessie sa entrada ng manggahan nang madaanan ang isang babae sa gilid ng kalsada. Nakaupo ito sa ugat ng puno ng santol at hinihipan ang dumudugong tuhod. Sa tabi nito ay isang bike na impis ang unahang gulong. Inihinto niya ang motor sa tabi nito at bumaba.

“Need help?” tanong niya.

Nang mag-angat ito ng mukha ay lihim siyang napasinghap.

Napakaganda nito!

Ang tsinita nitong mga mata ay kulay murang tsokolate na siyang unang nakatawag ng kanyang pansin. Binagayan iyon ng matangos na ilong at manipis na mga labi. Ang hanggang baywang nitong buhok ay kasing-kulay ng gabi sa sobrang itim na kabaligtaran sa balat nitong tila papel sa kaputian.

Sa tantiya niya ay labing-anim na taong gulang ito. Lumabas ang malalim na dimple nito sa kaliwang pisngi nang ngumiti.

“Okay lang,” anitong nagpalinga-linga sa paligid. Isang damo ang kinuha nito at pinitpit sa mga palad pagkatapos ay ipinahid ang katas sa sugat. Ilang sandali pa at tumigil na sa pagdurugo ang tuhod nito.

“Wow! What is that?” na-curious niyang tanong na ang tinutukoy ay ang damong iginamot nito sa sugat.

Ibinaba ng babae ang laylayan ng pedal pusher nito upang matakpan ang sugat at marahang umiling. “*Wala ko kabalo. Nakita ko lang ang pakaisa ko nga amu ni ang ginabutang sa pilas ya,*” sagot nito.

“Ano ’yun?” napakamot ng ulo niyang tanong. Nakakaintindi siya at nakakapagsalita ng Hiligaynon kapag maigsi lang ang sinasabi.

“Ah, taga-Maynila!” lumapad ang ngiting wika nito. “Ang s’abi ko, nakikita ko lang ang pinsan kong ’yun ang inilalagay sa sugat niya. Hindi ka tagarito, ’no?”

Umiling si Jessie. “Nagbabakasyon lang ako sa lola ko,” sagot niya. “Tagarito ba kayo? Bakit wala ka yatang tono kapag nagsasalita ng Tagalog?” puna niya.

“Tagarito ang papa ko. Nagbabakasyon lang kami dito. Ikaw, palagi ka ba rito kapag bakasyon?”

“Madalas.”

“Namamasyal ka?”

“Pupunta ako sa manggahan,” aniyang itinuro ang paarkong entrada ng manggahan na kita na mula sa kanilang kinaroroonan.

Biglang nanlaki ang mga mata nito. “Lola mo si Doña Amalia?”

Nakangiting tumango siya.

Napalatak ito. “*Baw, ah! Kamanggaranon man sang lola mo!*” anito at napatingin sa kanyang bike.

“Siguro ikaw din milyonaryo.”

Napahalakhak siya. “Paano mo naman nasabi?”

“Kasi ’yang motor mo ang ganda.”

“Daddy ko ang mayaman. At regalo lang ang bike na ’to ng lola ko.”

“Gan’un na rin ’yun,” bahagyang umirap na wika ng babae habang itinatayo ang bike.

Naaliw siya habang pinagmamasdan ito sa pagkilos. Ang angkin nitong hinhin ay napakanatural. Hindi iyon ang klase ng hinhin para makatawag ng pansin o di kaya ay para magpa-impress.

“Uwi ka?” tanong niya.

Tumango ito. “Dadalhin ko sa talyer itong bike.”

Nagpalinga-linga si Jessie. Wala nang kabahayan sa bahaging iyon. “Medyo malayo na itong napuntahan mo. P’wede kitang ihatid,” pagboboluntaryo niya.

Tinapunan siya nito ng nagdududang tingin. “Hindi ako nagpapahatid sa hindi ko kilala.”

Muli siyang napatawa. “Jezrael Romana at your service, Miss Beautiful,” aniyang bahagya pang yumukod at inilahad ang isang kamay.

Ngumiti ito at iniabot din ang sariling kamay. “Mariku,” matipid nitong pagpapakilala.

Napakalambot ng palad nito. Tila siya humahawak ng bulak. Hindi niya tuloy mapigilang pisilin iyon. Parang napasong biglang binitiwang ni Mariku ang kanyang kamay at namumulang iniwas ang tingin sa kanya.

“Ang cute mo namang mag-blush,” hindi niya mapigilang itudyo.

Lalo itong namula. “Taga-Maynila ka nga,” anitong bahagyang lumabi.

“Ano ang ibig sabihin n’un?” taas ang kilay niyang tanong.

Bahagya siya nitong inirapan. “Alam mo ang sinasabi ko pero sorry, hindi pa ako p’wedeng ligawan. Fourteen pa lang ako, ’no!”

Nagulat si Jessie. Hindi ito mukhang labing-apat na taong gulang lang. Tila dalaga na ito kung kumilos. “Fourteen! Akala ko sixteen o seventeen ka na.”

“Matangkad lang ako. At saka kung may manliligaw sa akin, mas pipiliin ko ay ’yung milyonaryo. Papabili ako ng bike na kasingganda ng sa ’yo na hindi basta-basta tumitirik sa gitna ng kaparangan.”

Malakas siyang napahalakhak. “Kapag milyonaryo na ba ako ay p’wede na kitang maging girlfriend?” muli niyang tukso rito.

“Assuming kang masyado, Jezrael Romana. Ang mga taga-Maynila ay kasing-bilis ng bagyo na magpalit ng direksyon kung magpalit ng girlfriend. Kumbinsihin mo pa ako.”

“Warning, Mariku. Magaling ako diyan.”

Itinirik nito ang mga mata.

“Mariku!”

Sabay silang napatingin sa pinanggalingan ng tumawag. Isang lalaking naka-bike din ang papalapit sa kanila. Halos kasing-edad niya ito. Muli siyang bumaling kay Mariku.

“Kapatid mo?” tanong niya.

Marahan itong umiling. “Pinsan ko.”

“Ano’ng nangyari? Kanina ka pa hinahanap ng papa mo,” anang lalaki nang makarating sa kanilang kinaroroonan.

“Nag-flat ang bike, eh,” paliwanag ni Mariku dito.

Sumulyap ito sa gulong ng bisikleta at saka tumingin sa kanya. “Sino naman ’to?”

“Si Jezrael, apo ni Doña Amalia,” sagot nito at ipinakilala ang lalaki. “Jezrael, pinsan kong si Nico.”

Nagpalitan sila ng tango ni Nico. Isinandal ni Mariku ang bike sa puno ng santol at sumampa sa angkasan ng bisikleta ni Nico.

“Tara na. Baka mapagalitan ako ni Papa. Balikan na lang natin mamaya ang bike ko,” sabi nito sa pinsan at bumaling sa kanya. “Sige, Jezrael.”

Bahagyang tumango si Jessie. “Nice meeting you, girlfriend. Hintayin mo akong maging milyonaryo, ha,” biro niyang kumindat pa rito.

Muli ay umirap sa kanya si Mariku bago pinatakbo ng pinsan nito ang bike. Hinintay niyang mawala nang tuluyan ang mga ito sa kanyang paningin bago muling sumampa sa kanyang motor at itinuloy ang pagtungo sa manggahan.



“Akala ko hindi ka uuwi dito ngayong bakasyon,” wika ni Doña Amalia.

“Lola, alam mong gusto ko dito kapag summer. Kung papayag nga lang ba si Dad ay gusto kong dito na rin mag-aral.”

Marahang umiling ang matanda. “Iba ang

summer sa regular na mga araw, hijo. Your place is in the city. Mabobore ka lang dito.”

“Twenty minutes lang ang city mula dito, Lola. At marami ding magagandang universities sa Iloilo City. Besides, may kakaibang lambing ang mga Ilongga na wala sa mga Manileña,” wika niyang kumindat pa sa lola.

Pinandilatan siya ni Doña Amalia. “Jezrael Romana, labing-walong taong gulang ka pa lang ay babae na ang nasa utak mo. Baka hindi ka pa nakakatapos ng pag-aaral ay makapag-asawa ka na. Talagang hindi kita patutuntungin dito sa Guimaras.”

Ipinunas ni Jessie ang kamay sa towel na nasa ibabaw ng mesa at malakas na napahalakhak. “Lola, binantaan na ako ni Dad na tatanggalan ng mana kapag hindi nakapagtapos.”

“Hah! Buti naman. Pati na sa akin ay wala kang matatanggap kapag nagkataon. At lahat ng ibinigay ko na sa ’yo ay babawiin ko,” anitong napasulyap sa kanyang motorsiklo sa labas ng kubo.

Patihaya siyang nahiga sa mesa at umaktong sinasakal. “Lola, boys will be boys,” reklamo niya.

“You can enjoy without the complications, Jezrael. Be wise like your dad and uncles. Mga babae pa mismo ang lalapit sa iyo kapag milyonaryo ka na rin,” anang doña.

Itinukod niya ang siko sa mesa, ipinatong doon ang ulo at patagilid na humarap sa kanyang abuela.

“Lalapit sila dahil isa akong Romana, Lola.”

“Then dapat ay wais ka ding kumilatis.

Ayokong mapunta sa babaeng walda ang perang pinaghihirapan ng kahit na sinong Romana.”

Bumangon siya at malambing na inakbayan ang matanda. “I will, Lola. Anyway, malayo pang mangyari ang sinasabi ninyo. At saka wala pa akong nakikitang kasingganda ng lola ko.”

“Asus! Manang-mana ka talaga sa tatay mo, bolero!” nakangiti nang wika nito.



Napangiti si Jessie nang matanaw ang dulong bahagi ng isla na sakop ng lupain ng mga Romana. Ilang araw na siya rito at paborito talaga niya ang *Piedra Paraíso* kapag nagbabakasyon dito sa Guimaras. Puting-puti ang buhangin nito tulad ng sa Boracay. Sa mala-kristal nitong tubig ay kitang-kita ang buhangin at bato sa ilalim ng tubig.

May malaking open cottage malapit sa dagat. Ipinarada niya ang motorsiklo at bitbit ang kanyang biyulin ay pumasok doon. Kinuha niya ang instrumento sa lalagyan at binagay ang mga kuwerdas. Nang maitama ang mga tono ay umupo siya sa mesa at humarap sa dagat.

Tinugtug niya ang *Four Seasons* ni Vivaldi. Nakarinig siya ng mahinang palakpak nang matapos ang tugtugin. Napabaling siya sa pinto ng kubo. Naroroon si Mariku at nakaupo sa bike nito.

“Ang galing mo palang tumugtug ng violin,” anito.

“Kanina ka pa diyan? Halika,” anyaya niyang tinapik ang espasyo sa kanyang tabi.

Bumaba ito sa bike at pumasok sa cottage. “Hindi



naman. Nakita kitang dumaan sa bahay. Ayun ang sa amin.” Itinuro nito ang isang one-storey bungalow sa di-kalayuan mula sa kanilang kinaroroonan. “Gusto ko rin ang *Four Seasons*. Isa si Vivaldi sa mga paborito kong composers,” anitong muling ibinalik ang tingin sa kanya.

“Kilala mo si Vivaldi?” tanong niya.

Tumango ito. “May CD collection ako ng mga compositions niya.”

“Kumusta na ang sugat mo?”

“Magaling na,” tugon nitong ipinakita ang tuhod. Isa na lang iyong pilat.

“Ang ganda ng balat mo para magkaroon ng ganyang pilat,” komento niya.

Ikiniling nito ang ulo at patagilid siyang tiningnan. “Bakit, hindi mo na ba ako liligawan kapag hindi nawala itong pilat ko?” anitong bahagyang nakangiti.

“*Girlfriend*, hindi na problema ang mga pilat sa mundo ng siyensya. Laser lang at matatanggal na ‘yan.” Biglang tumunog ang kanyang cellphone. Kinuha niya iyon sa bulsa. “Janna?” sagot niya sa kapatid.

Anang babae ay may invitation daw siyang natanggap mula sa isang ‘noby’ na malapit sa kanya, debut iyon at isa siya sa eighteen roses. Mariin ang utos niya ritong wag sasabihin kay Cecile kung nasaan siya.

“Ayokong masira ang bakasyon ko. *Ciao*, Janna,” aniya at pinatay ang mobile phone.

“May pinagtataguan kang babae kaya ka nandito,

'no?" tukso ni Mariku nang ibalik niya ang cellphone sa bulsa ng kanyang pantalon.

"Hindi ko girlfriend si Cecile, kaya hindi ko kailangang magpakita sa kanya," sagot niya.

"Ang sama mo! Pinagtataguan mo na nga siya, ipinagkakaila mo pa," nakalabi nitong wika.

"Kung may girlfriend ako sa Maynila, di sana hindi na ako nagbakasyong mag-isa dito. Summer ngayon at magkakaroon kami ng time na magkasamang madalas. So, bakit sa palagay mo nandito ako sa Guimaras samantalang nandoon siya?" taas-kilay niyang tanong.

"Aba, malay ko!" nakaingos nitong sagot.

Umusod siya palapit dito at siniko ito. "Gusto mo lang yatang malaman kung may nobya ako sa Maynila," ganting tukso niya.

Umirap ito. Natawa siya.

"Girlfriend, don't worry. Kung liligawan kita ay sisiguraduhin kong wala akong commitment sa ibang babae," aniyang kumindat pa rito.

"Ay, ewan ko sa 'yo! Sinabing hindi pa ako p'wedeng ligawan at saka bakit ka ba girlfriend nang girlfriend sa akin?"

"Kaya nga hihintayin kong magdalaga ka at saka kita liligawan. Ilang summers ba ang kailangan kong hintayin bago kita p'wedeng ligawan?"

"Mariku!" narinig nilang tawag.

Maingat na bumaba ng mesa si Mariku. Napatayo rin siya.

"Tinatawag na ako ni Papa. Sige." Sumampa na

ang babae sa bike nito.

“Hindi mo pa sinasagot ang tanong ko.”

“Andito ako palagi tuwing summer,” malayo nitong sagot habang ipinipedal palayo ang bisikleta.

“Pupunta ako rito bukas. P’wede mo ba akong samahan ulit?” pahabol niya.

“Titingnan ko!” pasigaw na sagot nito.

“Hihintayin kita, girlfriend!”

Bahagya itong lumingon at dumila sa kanya. “Hindi mo ako girlfriend, Jezrael Romana!” sigaw nito.

“Someday you will be, Beautiful Mariku!” nakatawang niyang sagot.

## CHAPTER *Two*

**L**umingon si Mariku nang marinig ang tunog ng kanyang motorsiklo. Nakaupo ito sa mesa ng kubo. Bumaba siya ng motor at bitbit ang knapsack ay pumasok sa cottage.

“Kanina ka pa?” Inilapag ni Jessie sa mesa ang bag at binuksan.

“Hindi naman.” Nakiusyoso ito sa laman ng kanyang bag. “Ano ’yan?”

“Indian mango,” aniyang inilabas ang mga mangga.

Dumampot ito ng isa. “May bagoong?”

“Yup!” nakangiti niyang tugon na inilabas ang lalagyanang plastic na may ginisang alamang at ang kanyang Swiss knife. “Gusto mo ipagbalat kita?” tanong niyang sumampa ng upo sa tabi nito.

Kinuha nito ang kutsilyo. “Ako na.” Sinimula

nitong talupan ang Indian mango. Nakakatatlong talop pa lang ito nang mahiwa ng kutsilyo ang isang daliri.

Agad itong namutla at napasigaw. Gulat na napatingin siya rito. Itinataas nito ang dumudugong daliri at tila takot na takot na nakatitig lang doon. Tumayo si Jessie at kinuha ang panyo sa bulsa ng kanyang pantalon. Pinahiran niya ang dugo. Maliit lang ang sugat nito, wala pa ngang dalawang sentimetro. Ibinalot niya ang panyo sa sugat at itinali ang dalawang dulo. Kinuha niya ang manggang binabalatan nito kanina at ipinagpatuloy ang pagtatalop niyon. Sumulyap siya rito. Unti-unti nang bumabalik ang kulay sa mukha nito.

“Bakit parang takot na takot ka, Mari?” kunot-noong usisa niya. “Mas malaki namang di-hamak ang sugat mo sa tuhod.” Hindi niya maintindihan kung bakit ganoon na lang ang takot nito.

Matipid itong ngumiti at hinimas-himas ang daliring nakabalot sa panyo. “Natakot akong hindi na makakatugtog ng piano kapag nagkadiperensya ang mga daliri ko,” paliwanag nito.

“Tumutugtog ka ng piano?”

Marahan itong tumango.

“Kaya kilala mo si Vivaldi. Akala ko mahilig ka lang mangolekta ng mga CD niya. Madaya ka. Bakit hindi mo agad sinabi?”

“Hindi ko ugali ang magyabang.”

“Siguro magaling kang mag-piano.”

Nagkibit ito ng balikat. “Sabi nila.”

Ibinigay rito ni Jessie ang tinalupang mangga. “Will you play for me one time?”

Ngumiti ang babae. “Sure! Pero gusto ko mag-duet tayo. Ako sa piano, ikaw sa violin.”

Ngumiti rin siya. “Deal!”

Muli siyang naupo sa ibabaw ng mesa. Tahimik na kumakain si Mariku habang may pinagmamasdan sa laot. Sinundan niya ng tingin ang tinatanaw nito. Isang yate ang solong naglalayag doon.

“Nakasakay ka na diyan?” tanong niyang isinawsaw ang mangga sa alamang at isinubo.

Umiling ito. “Mga mayayaman lang ang kayang bumili niyan. Wala naman akong kilalang mayayamang nagmamay-ari ng yate. Ikaw, I’m sure nakasakay na diyan.” Sumulyap ito sa kanya.

“May yate ang daddy ko.”

Nanlaki ang singkit nitong mga mata. “Wow! Ganoon kayo kayaman?”

Naaliw si Jessie sa pagkamangha sa mukha nito. “Shipping business ang negosyo ng daddy ko, kaya may mga barko kami.”

“May mga barko pa kayo? Wow, ang yaman-yaman mo pala talaga, Jezrael Romana!”

Napatawa siya. “Daddy ko ang mayaman, Mari. Ni hindi niya ipamamana sa akin ang kompanya kapag nagloko ako in any way.”

“Pero ikaw ang papalit sa kanya kapag ayaw na niyang magtrabaho?”

“Siguro. My brother Jim is a heart surgeon and Janna is into journalism. Ako lang ang sumunod

sa yapak ng daddy ko. So I guess ganoon nga ang mangyayari kapag nagtino ako.”

Ngumiti si Mariku. “Kapag milyonaryo ka na siguradong ang dami nang babae ang maghahabol sa iyo. Hindi mo na ako maaalala.”

“Hindi mangyayari ’yun, Mariku. Espesyal ka kaya sa akin.”

Bahagya itong umirap. “Bola!” Dinuro nito ng isang daliri ang kanyang dibdib. “Kayo talagang taga-Maynila ang dudulas ng mga dila. Tama si Papa. Dapat akong maging maingat. Paiiyakin mo lang ako.”

Tinapik niya ang kanyang balikat. “I’ve got broad shoulders for you to cry on, girlfriend,” aniyang hinuli ang kamay nito at marahang hinatak. Napasandal ito sa kanya. Gulat itong napatingala. Napatingin siya sa bahagyang nakaawang nitong mga labi. Tila napakalambot ng mga iyon, he wondered how it would feel to kiss her. Ibinaba niya ang ulo. Nakangiwing ipinikit ni Mariku ang mga mata at tinakpan ng palad ang mga labi.

“Romana, salbahe ka!” tila maiiyak nitong wika.

Napatigil si Jessie at tinitigan ito. Pabuntunghiningang marahan niya itong binitiwang. Itinulak siya nito at umusod palayo.

“I’m sorry, Mari,” paghingi niya ng paumanhin.

Bahagya itong umirap. “Kapag inulit mo pa ’yun, hindi na ako makikipag-usap sa ’yo!” nakalabi nitong sabi.

Nagulat siya sa panic na biglang naramdaman. Bago iyon sa kanya at hindi niya kayang bigyan ng

kahulugan.

“Hindi na, girlfriend,” biro na lang niya ulit na pilit inignora ang namumuong damdamin sa dibdib.

“Mag-promise ka!”

Itinaas niya ang kanang kamay. “Promise!”

“Never ever?”

“Uhm...” Hindi malaman ni Jessie kung paano dudugtungan ang kanyang sinabi.

“Ay, ayoko na nga! Hindi ka naman sure sa pina-promise mo,” papiksi nitong wika na pinagkrus ang mga braso sa tapat ng dibdib.

“Kasi naman ayokong mag-promise na hindi ko kayang tuparin,” napakamot ng ulong sabi ni Jessie. “Di ba kapag dalaga ka na ay liligawan pa kita? Kapag girlfriend na kita, p’wede na kitang halikan. So, hindi ako p’wedeng mag-promise na hindi kita hahalikan ever. Never ever lang hanggang hindi ka pa dalaga,” nakangisi niyang dagdag.

“Para namang siguradong-sigurado ang mama na sasagutin ko siya!”

“Talaga!” puno ng kumpiyansang wika niya.

“Bakit?”

“Kasi magkasundo tayo. Pareho tayong mahilig sa musika. Pareho nating gusto dito sa Guimaras.”

“Gusto mo ba talaga dito?” biglang pag-iiba nito ng usapan.

Ngumiti si Jessie at tumango. “Very much, Mari. Kapag tumanda na ako at wala nang magawa sa buhay ay mas gugustuhin kong dito tumira.”

Naramdaman ni Jessie ang matiim na



pagkakatingin sa kanya ng babae. Sumulyap siya rito.

“Guwapo na ba akong masyado para titigan mo?” tudyong niya.

Dumila ito. “Kahit kailan alaskador ka!”

“Dahil ang sarap mong alaskahin,” sagot niya. “Ito na lang, promise ko iikutin natin ang Guimaras sa pagbabalik ng yate namin dito.”

Namilog ang mga mata ni Mariku. “Talaga?”

“Basta para sa ’yo, girlfriend.”

“Pero tuparin mo ang pangako mo kanina.”

Sumaludo siya. “Yes, Ma’am! Never ever hanggang maging girlfriend na kita, Ma’am!”

Napabuga ito ng hangin at nangalumbaba. “Kainis ka!”



Malayo pa ay kita na ni Jessie si Mariku na nagpapalipad ng saranggola sa tabing-dagat. Kumaway ito nang marinig ang tunog ng kanyang bike. Patakbo niyang tinungo ang kinaroroonan nito.

Ngumiti si Mariku. “Ang ganda niyang tingnan, ’no? Ang tayog at malaya. Gusto kong maging katulad ng saranggola.”

“Hindi naman malaya ang saranggola. Nakatali pa rin siya,” komento niya.

“Kaya ko nga siya gusto. Matayog at nakararating sa himpapawid nang hindi umaalis sa lupa ang humahawak. Sabi ng papa ko, saan man makarating ang tao ay dapat laging nakatuntong sa lupa ang mga paa.”

Napatitig siya rito. Ang kasimplehan ni Mariku ay

nakakahatak ng kanyang pansin. Ibang-iba ito sa mga babaeng kakilala niya sa Maynila. Kahit sa paghawi ng buhok ay maingat ito. Hindi pa niya ito nakitang nagmamadali sa pagkilos. Kahit noong masugatan ito ay hindi niya nakitang nag-panic. Natakot pero hindi nataranta.

May bigla siyang naisip. “Tara, magmotor tayo. Ipasyal natin ang saranggola mo,” aniyang inilahad ang kamay. Dinala niya ito sa pinakamataas na bahagi ng *Piedra Paraíso*. Mula roon ay kita ang buong Buenavista.

Napatakbo sa gilid ng bangin si Mariku at masayang itinaas ang dalawang kamay. Hindi niya maiwasan ang mapangiti.

“Ang ganda mo, Guimaras! I love you!” sigaw nito na umalingawngaw sa buong paligid. Napahagikgik ito at lumingon sa kanya. Nakangiting lumapit siya sa babae.

Pinagsalikop ni Jessie ang mga palad sa bibig at malakas na sumigaw. “Ang ganda mo, Mariku! I love you!”

Binalingan siya nito at itinulak. “Panira ka talaga ng moment!” nagpapadyak na wika nito.

Nakatawang nagpatumba siya sa damuhan. “Bakit, masama bang magsabi ng totoo? I think I’m falling for you, girlfriend.”

“Falling for you ka diyan! At tigilan mo ang pagtawag ng ‘girlfriend’ sa akin.”

Itinukod ni Jessie ang kanyang ulo sa isang kamay. “Someday kapag p’wede ka nang ligawan...

pangako, sasabihin ko ulit sa 'yo ang isinigaw ko kanina, on bended knees and with a diamond ring in my hand.”

“Ang corny mo!” Muli ay inirapan siya ng kausap.

Tumihaya siya sa damuhan at iniunan ang ulo sa isang braso. “Halika,” anyaya niyang tinapik ang espasyo sa kanyang tabi.

Binigyan siya nito ng nagdududang tingin. “Ano na naman ang binabalak mo, Jezrael Romana?”

“Wala! Mag-uusap lang tayo. Promise, behave ako.” Itinaas pa niya ang isang kamay sa pagsumpa.

“I swear kapag may ginawa kang kalokohan, sisigaw ako na maririnig ng buong Guimaras,” anitong dinuro pa siya ng isang daliri.

“Hindi nga.” Marahan itong umupo sa kanyang tabi. “Higa ka.”

Bigla na naman itong napatayo. “Romana, talagang may masama kang pinaplano!” nagpapadyak nitong wika.

“Wala nga. Sige, diyan ka sa kabila para hindi kita mayakap kung 'yun ang iniisip mong gagawin ko.” Itinuro ng lalaki ang ulunang bahagi ng kanyang kinahihigaan.

Ilang sandali munang nag-isip si Mariku bago muling lumapit at nahiga. Magkapantay ang kanilang mga ulo, pero sa magkabilang direksyon ang kanilang mga paa.

“Laro tayo. Magbibigay ako ng isang category ng mga gusto natin 'tapos sabay tayong sasagot. Tingnan natin kung may pagkakapareho tayo ng mga gusto,”

mayamaya ay suhestyon ni Jessie. “Isusulat ko ang sagot ko sa CP ko then ibibigay sa ’yo at saka mo sasabihin ang sagot mo. Pero saka mo lang titingnan ang sagot ko after mong masabi ang sa ’yo. Deal?” Kinuha niya ang cellphone sa bulsa ng kanyang cargo shorts.

“Deal!”

“Okay! Favorite food.” Isinulat ni Jessie ang kanyang sagot sa cellphone at iniabot kay Mariku.

“Lasagna.” Tiningnan nito ang kanyang sagot, *lasagna*.

“Flowers.”

“Tulips.” Nothing in particular ang sa kanya. Marahan siyang tinampal ni Mariku sa pisngi. “Gusto mo lang malaman ang mga paborito ko, eh!” kunwa ay reklamo nito.

Natawa siya. “Hindi kaya! Music artist.”

“Hah! Hindi mo mahuhulaan ang sa akin,” buong kumpiyansa nitong sabi.

“Tingnan natin,” nakangiti rin niyang saad nang iabot dito ang kanyang cellphone.

“Yanni.” Nanlaki ang mga mata ni Mariku nang makita ang kanyang isinulat. “Paano mong nalaman ’yun?”

Si Jessie naman ngayon ang natawa. “Ibig sabihin lang n’un marami tayong pagkakapareho sa mga gusto. At hindi ko kakalimutang lahat ’yan, Mari.”

Umirap ito. “Sinasabi mo lang ’yan. Next year kapag nagkita ulit tayo tingnan ko lang kung maalala mo pa.”

Humarap siyang patagilid dito. “Kapag gusto mo daw ang isang tao, hindi ka makakalimot. My memory might not remember, but my heart will never forget, my Mariku.”

Namula ito. “Hindi ka rin makulit, Romana, ano! Hindi pa nga ako p’wedeng ligawan.”

Ngumiti siya. “Hindi pa ako nanliligaw, girlfriend. Sinasabi ko lang ang gusto nito,” aniyang itinuro ang tapat ng kanyang dibdib.

“Ay, ewan ko sa ’yo!” wika nitong biglang iniba ang usapan. “Kung may isa kang wish na pinakagusto mong gawin ngayon, ano ’yun?”

“Umiiwas ang ale!” tukso niyang pumitas ng isang tangkay ng damong ligaw at banayad na inihaplos sa pisngi nito. “Aminin mo, you like me.”

“Alangan namang sumama ako sa ’yo kung hindi,” sagot nito. “Pero hindi katulad ng iniisip mo.”

“Sige na nga! Kung may mangyari ba sa akin ay hindi ka mag-aalala?”

“Ano naman ang mangyayari sa ’yo?”

“Kunwari lang may mangyari sa akin. Iiyak ka ba, girlfriend?”

“Hindi!” mabilis nitong sagot.

Hinawakan niya ang dibdib na tila inaatake sa puso. “Aray!”

“Ang arte!”

Bumangon si Jessie at pumihit patunghay sa babae. Magkapantay na ang kanilang mga mukha. “Pupusta akong iiyak ka.”

“At bakit naman ako iiyak?”

“Kasi you care!” nakangiti niyang sabi. “Huwag kang tatanggi, kung di hahalikan kita!” mabilis niyang banta nang akmang kokontra na naman ito.

Mabilis nitong itinakip ang isang palad sa kanyang mukha at itinulak siyang palayo. “Ayan, kiss the hand!”

Malakas siyang napahalakhak.

“Hindi mo pa sinasagot ang tanong ko kanina,” ani Mariku.

“Ano ulit ’yun?”

“Anong wish ang pinakagusto mong gawin ngayon?”

“Natupad na. Kasama na kita,” tugon niyang tumitig dito. Dumila sa kanya ang dalagita. “Ikaw, ano ang wish mo?” ganting tanong niya.

Sumilay ang isang ngiti sa mga labi nito. “Ang tumugtog ng piano dito sa itaas ng gulod habang papalubog ang araw,” sagot nito at pabuntunghiningang pumikit. The silent wonder in her face made him want to make her wish come true right at that very moment. Nakangiti ito nang muling dumilat. “Pero hindi naman ’yun matutupad.”

“Maniwala ka, girlfriend. Malay mo naman narinig ka ng fairy godmother mo ngayon at tuparin ang iyong wish,” aniyang pinag-iisipan kung ano ang maaari niyang gawin para matupad ang kahilingang iyon.

## CHAPTER *Three*

**P**apunta si Mariku sa palengke nang madaanan ni Jessie.

“Saan ka pupunta?” tanong ng lalaki na sumabay sa kanya.

“Bibili ng mangga,” sagot niyang ininguso ang direksyon ng pamilihan.

“Bakit ka pa bibili, p’wede naman kitang ikuha na lang.”

Ngumiti siya. “Talaga?”

Nang dumating sila sa manggahan ay wala silang dinatnang tao roon.

“Wala namang tao dito. Sino ang pakukuhanin natin ng mga mangga?” tanong niyang nagpalingalinga sa paligid.

“Ako!” sagot nitong bumaba ng motor at sinimulang akyatin ang puno.

“Hoy! Marunong ka ba talagang umakyat niyan? Mamaya mahulog ka, ha!” nag-aalalang sigaw niya.

Nakangiting nilingon siya nito. “Uy, concerned siya!” tudyo pa nito.

Dinilaan niya ito. “Ay, ewan ko sa ’yo!”

Natawa si Jessie at inabot ang isang bunga. “O, saluhin mo.” Umakto itong iitsa iyon.

“Hoy, teka lang! Malalamog naman ang mangga sa ginagawa mo!” bigla niyang awat na itinaas ang laylayan ng kanyang t-shirt.

Umupo ito sa isang sanga. “Ano ba ’yang ginagawa mo, girlfriend? Labas na ang tiyan mo, o! Mamaya makita ka ng kung sino diyan, sabihin sinasadya mong ipakita sa ’kin ang katawan mo,” reklamo nito.

Namumulang ibinaba ni Mariku ang t-shirt niya at pinamaywangan ito. “Alam mo ang bastos talaga ng utak mo, Romana!” aniyang dumampot ng mga sanga ng mangga at ibinato rito. Natatawang umilag naman si Jessie.

“Awat na, Mari! Mahuhulog ako!”

“Buti nga ’yun at nang madala ka! Sana kagatin ka niyang tuko sa tabi mo!”

“Tuko! Tuko! Nas’an ang tuko?” anitong ginagad pa ang huni ng tuko.

Tumawa siya. “Kala mo nagbibiro ako? Ayan, o, sa malapit sa ulo mo.”

Tumingala si Jessie sa kanyang itinuturo. “Shit! Bakit hindi mo sinabi kaagad?” natarantang bulalas nito na hindi malaman kung ano ang gagawin. Dadalawang bagay lang ang kinatatakutan nito—



higad at tuko!

Bumunghalit siya ng tawa nang parang unggoy na kumapit sa sanga ng mangga ang lalaki. Napamura pa ito habang humahanap ng paraan kung paanong mabilis na makakababa. Sa kamamadali ay nadapilas ang isang paa nito sa pag-apak sa sanga at tuluyan nang nawalan ng panimbang. Malakas itong napaungol nang tumama ang katawan nito sa lupa.

Natigil sa pagtawa si Mariku nang makitang hindi ito kumikilos. Bigla siyang napaluhod sa tabi nito at marahan itong tinapik sabalikat.

Tumatambol ang dibdib niya sa matinding kaba. Para yatang hindi na humihinga si Jezrael. Para makasiguro ay dinama niya ang dibdib nito ng isang palad. Humihinga pa nga. Inilagay niya ang isang kamay sa likod ng ulo nito. Wala naman siyang nakakapang bukol. Pero bakit hindi ito kumikilos? Napasama kaya ang pagkakahulog at nawalan ito ng malay.

Hala, ano ang gagawin niya? Nagpalinga-linga siya kung may taong puwede niyang mahingan ng tulong, pero walang katao-tao sa manggahan.

“Jessie?” muli ay niyugyog niya ito sa balikat. Isi-CPR ba niya ito?

*Engot ka talaga, Mariku, humihinga pa nga, eh, sabi ng kanyang isipan. Sa labis na pag-aalala at kawalan ng magawa ay bigla siyang napabunghalit ng iyak.*

Naramdaman niya ang marahang pagpisil sa kanyang kamay. “Hey...” mahinang sabi ni Jessie at

ngumiti.

Bago pa niya mapigilan ang sarili ay mahigpit niya itong niyakap at tuluyan nang napahagulgol sa dibdib nito.

“Mari, hindi pa ako mamamatay,” mayamaya ay masuyo nitong sabi.

Bumitaw siya at malakas itong hinampas sa dibdib.

“Aray naman! Ang sakit na nga ng likod ko, dadagdagan mo pa ang damage. Wala ka talagang awa,” kunwa ay reklamo nito.

“Tinakot mo kaya ako!” nakalabi niyang wika na pinahid ng likod ng kamay ang luhang umagos sa kanyang mga pisngi.

Ngumiti ito at malambing na hinawi ang buhok niyang dumikit sa kanyang basang pisngi. “Hindi pa ako p’wedeng mamatay habang hindi pa kita nagiging girlfriend. May utang ka pang halik.”

Suminghot siya at muli ay sinuntok ito. Nakatawang hinuli nito ang kanyang mga kamay.

“Nagbibiro lang, eh!”

“Kahit kailan wala ka talaga sa hulog, Romana! Napilayan ka na nga’t lahat, nakukuha mo pang magbiro. Para sa ’yo ang lahat ay biro!” nakasimangot niyang sabi.

“Sabi mo hindi ka iiyak kapag may nangyari sa akin. Ngayon ay sigurado na ako. You care for me, girlfriend.”

Nagkulay makopa ang kanyang mga pisngi at mabilis na napatayo. “N-natakot lang ako na... na...

baka... baka mabaldado ka dahil sa nangyari, 'no! Eh, di ako pa ang sinisi," kandautal niyang katuwiran.

"Don't worry, Mari, I will care for you as you care for me."

Tinungo niya ang bisikleta at mabilis na sumampa. "Ay, ewan ko sa 'yo. Maghanap ka ng kausap."

"Girlfriend, alalay naman diyan!" pahabol ni Jessie na napangiwi nang tangkain nitong bumangon.

Bahagya lang niya itong nilingon. "Mas malakas ka pa sa kabayo kung makaalaska. Bumangon kang mag-isa! Kapag nagpa-X-ray ka pati utak mo ipa-CT scan mo, malakas na din yata ang tama."

"Hindi utak ang may tama sa akin, Mari, puso. Sapul ako, ramdam mo?" ganting panunudyo pa rin ni Jessie na sinagot naman niya ng nang-aalaskang halakhak.



"O, hindi ka yata umalis ngayon," puna ng kanyang mama nang makita siyang nakaupo sa balkonahe. "Wala kayong date ni Jessie?"

Nakaingos na inirapan ito ni Mariku. "Ma! Hindi kami nagdi-date ng lalaking 'yun, 'no! Hindi siya makakaalis ng bahay nila dahil sa pilay niya."

Tumabi ng upo sa kanya si Nori. "Ah, kaya pala napirmi ka dito sa bahay. May gusto ka ba kay Jessie, Mari?"

"Wala, Ma!" agad namulang tanggi niya. Mahilig talagang manukso ng kanyang mama. Dati naman ay hindi niya iyon pinapansin. Hindi lang niya alam kung bakit siya naapektuhan ngayon.

Natawa ito. “Eh, bakit ka nagba-blush? At saka bakit palagi kayong magkasama? Napauwi na lang tuloy si Nico sa Laguna dahil hindi mo na isinasama sa mga lakad mo.”

“May college entrance exam kaya si Nico kaya bumalik ng Laguna.”

Inakbayan siya ng kanyang ina. “Okay lang kung crush mo siya, anak. Pinapaalala ko lang sa ’yo na kung gusto mong matupad ang pangarap mong maging sikat na pianista ay huwag mo munang seseryosohin ang paghanga sa kanya.”

Yumakap siya sa baywang nito. “Hindi ko sisirain ang pangako ko kay Papa, Ma. Sana lang ay makita pa niya ang pagkamit ko ng mga pangarap ko,” aniyang agad namasa ang mga mata.

Kapwa sila natahimik at naalala ang kalagayan ni Julian. May colon cancer ang kanyang papa at tinaningan na ng mga doktor ang buhay nito. Kahit anong sandali ay maaari nang bumigay ang katawan ng kanyang ama. Natanggap na nila iyon ng kanyang mama, ngunit masakit pa ring isiping baka magising na lang sila isang araw na wala na ito. Kaya nga sinusulit nila ang mga araw na kasama pa nila si Julian. At ipinangako niya ritong gagawin niya ang lahat upang matupad ang pangarap nilang makilala siya sa buong mundo bilang isang magaling na pianista.

“Alam ko ’yun, Mari,” ani Nori. “O sige na, ihatid mo muna ’yung basket ng mangga na ipinadala ni Jessie.”

Napatuwid siya mula sa pagkakayakap dito. “May ipinabigay siyang mga mangga? Kelan siya pumunta dito? Bakit hindi ninyo ako sinabihan?” sunud-sunod niyang tanong.

“O, bakit ka natatarantang pumunta siya dito?” muli nitong tukso.

“Ma naman, eh...”

Muling natawa si Nori at malambing siyang kinutusan. “Ipinadala lang niya ang mga mangga sa katulong nila.”

Tumayo siya at mabilis na pumasok sa bahay.

Sinundan siya ng kanyang ina. “Mari, huwag kang masyadong pa-obvious kay Jessie. Taga-Maynila siya, anak. Baka doble-doble ang girlfriend niyan doon.”

“Hindi ko siya crush, Ma,” mariin niya uling tanggi, ngunit hindi maintindihan kung bakit siya biglang nainis sa sinabi nito. Talaga namang hindi niya crush si Jessie. Bakit siya maiinis kung isang dosena man ang nobya nito sa Maynila?

Kinuha niya ang basket sa ibabaw ng hapag-kainan. Bago lumabas ay dumaan pa muna siya sa glassware cabinet kung saan may salamin at inayos ang buhok.

“Huwag kang masyadong magpaganda, Mari. Gusto ko din ang batang ’yun,” wika ni Julian na tumabi kay Nori sa pintuan ng kusina.

Muli siyang namula at mabilis na umalis sa harap ng salamin. “Pa, pati ba naman kayo?” nagpapadyak niyang sabi. Tumawa lang ang kanyang ama.



Ayon sa X-ray result ay wala namang nabaling buto kay Jessie, ngunit masakit ang likod at balikat niya. Niresetahan siya ng pampatanggal ng kirot at ilang araw na pahinga.

Nagpadala siya ng isang basket ng mangga kina Mariku kanina. Ano kaya ang naging reaksiyon nito? Iisipin na naman kaya nitong nagbibiro uli siya?

Gustung-gusto niya kapag nag-iisang linya ang singkit na nitong mga mata kapag inaalaska niya. Gusto niya ang tunog ng halakhak nito sa mga biro niya. Kapag si Mariku ang kasama niya ay walang nakakabagot na sandali. Napabuntunghininga siya at patamad na lumabas ng veranda. Naiinip siya at gusto niya sanang pumunta ng *Piedra Paraíso*, pero may pinuntahan ang driver at ang kanyang lola. Napalingon siya nang tawagin ng katulong.

“May bisita ka, Toto Jessie. Mariku daw,” anito.

Agad ang pagpasok niya sa bahay, tuluyang lumipad ang nararamdamang pagkabagot.

“Mari! Welcome to Villa Romana,” masaya niyang bati na inilahad pa ang dalawang braso na napalitan ng ngiwi nang kumirot iyon.

“Ang laki ng bahay n’yo!” namamanghang wika ng babae na iginagala ang tingin sa kabuuan ng sala.

“Na-miss mo ba ako kaya ka nandito?”

“Hindi, ’no!” sagot nito na may kasamang irap. “Gusto lang ni Mama na magpasalamat sa ibinigay mong mangga. At isinauli ko na rin ang basket.”

“May bayad ang mangga, Mari.”

“Gan’un? Magkano?”

“Isang kiss,” pakindat niyang sagot.

“Kiss mo’ng mukha mo!” sagot nitong dumila pa.

“Eto naman para kiss lang. Sige na, girlfriend.”

“A-yo-ko!” anitong ipinagdiinan pa ang bawat kataga.

“Dito lang sa pisngi.”

Saglit itong nag-isip. “Basta sa pisngi lang, ha!”

“Pipikit pa ako kung gusto mo.”

“O sige, pumikit ka muna.”

Nakangiting sumunod si Jessie. Naramdaman niya ang hininga ni Mariku sa kanyang pisngi at nang sa tantiya niya ay malapit na ang mga labi nito ay ipinihit niya ang mukha. Sa kanyang labi dumapo ang halik nito.

Agad ang panlalaki ng mga mata at pamumula ng dalagita. Malakas siya nitong itinulak na muntik na niyang ikinatumba.

“Salbahe ka, Romana!” tila maiiyak nitong wika at kumaripas ng takbo palabas ng villa.

Hinabol niya ito ngunit mabilis na itong nakasakay sa bike nito at nakalayo.



“Ano ba’ng pinag-awayan ninyo ni Jessie, Mari?” tanong ni Julian na tumabi sa kanya.

“Wala po,” nakalabi niyang sagot na ayaw ipaalam dito kung bakit niya pinagtataguan ang kaibigan.

“Wala? Eh, bakit hindi mo siya hinaharap? Kawawa naman ’yung tao. Ilang beses nang nagpupunta dito. Hindi ganyan ang tunay na magkaibigan, anak,” anito at masuyo siyang inakbayan.

“Ang tunay na magkaibigan ay tumutupad sa usapan, Pa,” sagot niya.

“Pero kapag may mga hindi kayo napagkakasunduan, hindi solusyon ang pagtaguan ninyo ang isa’t isa. Hinaharap ang problema, anak, hindi tinatakbuhan. Mag-usap kayo. Everyone deserves a second chance.”

“Palagay ninyo dapat ko siyang patawarin kahit na nangako siya ’tapos hindi niya tinupad?”

“Kung sincere naman siya sa paghingi ng sorry, bakit hindi?”

“Paano kung nasaktan ako sa ginawa niya na sinadya naman talaga niya?”

“Eh, bakit ka nasaktan?” ganting tanong ng ama niya.

Hindi siya nakasagot. Ngumiti si Julian.

“Anak, kapag mahal mo ang isang tao, gaano ka mang nasasaktan ay bibigyan mo siya ng chance. Kapag nag-effort din siya, pagbigyan mo. Kapag talagang hindi na, saka ka na tumigil. Matuto kang alamin kung kailan magho-hold on at kung dapat na bang mag-let go.”

Malambing siyang hinapit nito. “Huwag mong kalilimutan lahat ng mga sinasabi ko sa ’yo, Mari. Wala na ako dito para yakapin ka nang ganito kapag may lalaking nanakit ng loob mo. Hindi ko na mapapahiran ang luha mo kapag may nanloko sa ’yo.”

Napahikbi siya. “Pa...”

Masuyo siyang hinaplos ng kanyang ama sa likod niya. “Hindi na ako magtatagal, Mari. Kung sana



dalaga ka na, kakausapin ko si Jessie kung talagang seryoso na siya sa 'yo. Pero masyado pa kayong mga bata para malaman ang gusto ng isa't isa. Sayang at hindi ko na masasaksihan ang pagdadalaga ng baby ko.”

Tuluyan na siyang napaiyak. Mahigpit siyang niyakap nito.

“Be strong, Mari, but stay sweet.”



Nakita ni Jessie si Mariku sa itaas ng gulod, nakaupo paharap sa dagat sa ibaba. Tatlong araw na mula noong nakawan niya ito ng halik. At tatlong araw na rin siya nitong hindi hinaharap. Kung ano-ano na ang ipinadala niya rito bilang peace offerings, pero lahat ng iyon ay ipinabalik nito.

Tatlong araw na rin siyang hindi makatulog. Hindi niya akalaing maapektuhan siya nang sobra. Hindi pa siya nakaramdam ng ganitong pagkatuliro. Kung tutuusin ay hindi naman siya dapat nakakaramdam ng ganito. Hindi niya nobya si Mariku. Pero bakit nga ba siya apektado? Napabuntunghininga siya. Naguguluhan siya sa nangyayari sa kanya. Ang sigurado lang siya ay gagawin niya ang lahat kausapin lamang nitong muli.

Napalingingon si Mariku nang marinig ang papalapit niyang mga yabag. Bigla itong tumayo nang makita siya at agad na sumimangot. “Bakit ka nandito? Ayaw na kitang makita, Romana!” asik nito at humakbang paalis.

Mabilis niya itong pinigilan sa isang braso at

lumuhod sa harap nito. “Mari, sorry na.”

Papiksing binawi nito ang kamay. “Hindi mo naman tinutupad ang sinasabi mo! Sinungaling ka, Romana.”

“Kaya nga sorry na. Sige na, Mari, patawarin mo na ako, please!” aniyang pinagsalikop ang mga palad na tila nagdarasal.

“Hoy, hindi ako santo! Tumayo ka diyan!”

“Gantihan mo na lang ako. Mas gusto ko pang sapakin mo ako kesa hindi mo na kausapin kahit kelan. Bugbugin mo ako kung gusto mo.”

Tinapunan siya nito ng matalim na tingin at binigyan ng isang sampal. Ni hindi niya iyon naramdaman. Mahinhin pa rin si Mariku kahit galit. Nakasimangot na tinalikuran siya nito at muling sumalampak ng upo sa damuhan. Tumayo siya mula sa pagkakaluhod at umupo sa di-kalayuan dito.

“Peace na ba tayo?” tanong niya.

Hindi ito umimik.

“Mari, bati na tayo, ha.”

Minsan pa ay inirapan siya nito. “Kapag inulit mo pa ’yun hindi na talaga kita kakausapin kahit kelan,” banta nito.

“Promise!” tila nabunutan ng tinik na wika niya at may dinukot sa bulsa ng pantalon. “Para sa ’yo.”

“Ngayon naman dinadaan mo ako sa suhol. Ano ’yan?”

“Tingnan mo.” Ipinatong niya iyon sa tabi nito.

Marahang kinuha iyon ni Mariku at binuksan. Isa iyong gold brooch na may disenyo ng G-clef at

grand piano. May floral design din na ang talulot ng mga bulaklak ay maliliit na brilyantitos.

“Tingnan mo sa likod.”

*I will never forget. Jessie.* Iyon ang naka-engrave na mensahe.

“Pinaukit ko ang promise para kapag hindi ko tinupad ay p’wede mo akong sumbatan. Itago mo ’yan, ha. And remember me everytime you wear it.”



Malapit na ang paglubog ng araw. Napabuntunghininga si Mariku. Isang araw na naman ang lumipas. Pakiramdam niya ay napakabilis ng oras at ngayon ay malapit ulit magtakipsilim. Bawat umagang dumarating ay labis niyang pinasasalamatan. Isang araw pa nilang makakasama ang kanyang papa. Isang araw pa ring makakakulitan niya si Jessie.

Ngunit ang bawat gabi ay ikinalalungkot niya. Dahil maaaring bukas ay hindi na magising si Julian. O baka bumalik na ng Maynila si Jessie. Kung puwede nga lang niyang hilinging tumigil na ang oras sa pagtakbo. Mula sa laot ay napatingin siya kay Jessie nang tumayo ito at iabot sa kanya ang isang kamay.

“Halika. May ipapakita lang ako sa ’yo,” anito at hinila siyang patayo.

“Ano naman ’yun?”

“Basta.” Dinukot nito ang panyo mula sa bulsa ng green and black plaid shorts. “Pero dapat meron nito para surprise.”

“Kailangan pa ba ang piring?”

Ngumiti ang kaibigan niya. “Promise, magugustuhan mo ang sorpresa ko. Huwag mong tatanggalin.”

“At kapag tinanggal ko?”

“Hahalikan kita.”

Marahan niya itong itinulak. Natawa si Jessie at inalalayan siyang makaangkas sa motorsiklo. May sampung minuto rin ang itinakbo ng sasakyan nang naramdaman niyang paakyat ang daang kanilang tinatahak. Nang huminto ito ay inalalayan siyang makababa ng lalaki. Pumuwesto ito sa kanyang likuran at hinawakan siya sa magkabilang balikat.

“Naalala mo pa ba ang wish na sinabi mo sa akin sa gulod?” tanong nito malapit sa kanyang tainga.

Ngumiti siya at tumango.

“Naalala mo rin ba ang sinabi ko sa ’yo?”

“Na maniwala lang ako at baka may fairy godmother na nakakarinig at ibigay ang wish ko?” tanong niya at marahang umiling. “Para lang sa mga batang paslit ang wishes.”

“Some wishes do come true, Mari,” bulong nito at tinanggal ang kanyang piring.

Sa malapit sa bangin ay naroon ang isang grand piano. Tila namamalikatang marahang lumapit doon si Mariku at kinapa ng kamay ang instrumento upang tiyaking totoo ang kanyang nakikita.

Nilingon niya si Jessie na nakangiting nakatingin sa kanya.

“Paano mo nadala ito dito?” di-makapaniwala niyang tanong.

Hindi sumagot na iginiya lang siya nito paupo sa harap ng piano. “Make your dream come true, Mari.”

“Fairy godmother ba kita?”

“P’wedeng bang prince charming?” Sinalubong nito ang kanyang mga tingin.

Napalunok ang dalagita. Masyadong malapit ang kanilang mga mukha at naalala niya ang ginawang paghalik sa kanya ng kaibigan. Mabilis niyang ibinaba ang tingin kasabay ng bahagyang pamumula ng mga pisngi.

Agad napansin ni Jessie ang pamumula niya at mabilis na idinugtong, “Balang-araw kapag p’wede na.”

Dumukwang siya at hinalikan ito sa pisngi. “Salamat.”

“Basta para sa iyo, Mari.”



Pababa si Jessie mula sa ikalawang palapag ng *Villa Romana* nang lumabas mula sa library si Doña Amalia. Napatingin ito sa kanya at tumigil sa puno ng hagdanan.

“Jezrael, may lakad ka na naman?” tanong nito. “Malapit nang matapos ang bakasyon, pero miminsan lang kitang nakikita dito sa bahay. Kung di ka pa nabalian, di ka pa napirmi. Saan ka ba nagpupunta?”

“Sa *Piedra Paraíso* lang, Lola. I am with my new friend, Mariku,” nakangiting sagot niya.

“New friend o new girlfriend?” tukso nito.

Nakatawang inakbayan niya ang matanda. “Lola, akala ko ba ayaw n’yo akong magkaasawa nang

maaga? Don't worry, fourteen pa lang si Mariku. Magkaibigan lang kami," nakangiti pa rin niyang sabi at mabilis na idinagdag, "sa ngayon."

"Anong sa ngayon?" taas-kilay na tanong ng doña.

"Liligawan ko siya someday."

Itinirik nito ang mga mata. "S'abi ko na nga ba at doon din mapupunta ang lahat."

Muling natawa si Jessie. "Magkikita kami ngayon. 'Bye, gwapa!" aniyang hinalikan muna sa pisngi ang abuela bago lumabas na ng bahay.

Wala pa si Mariku sa cottage nang dumating siya. Nagtaka siya. Palagi na ay nauuna ito sa kanya. Nakapasok na siya sa cottage nang mapansing may nakapatong sa mesa. Isang maliit na cassette tape recorder, isang kapisrasong papel at isang keychain. Dinampot niya ang papel.

*Sorry hindi na ako nakapagpaalam.  
Kailangan na naming bumalik agad ng Maynila.  
Hanggang sa susunod na summer.*

Hindi alam ni Jessie kung bakit parang dinaganan ng mabigat na bagay ang kanyang dibdib. Bigla ay para siyang nanghina. Napakurap siya. Naiiyak ba siya?

Umupo siya sa mesa at pinindot ang play button ng cassette recorder. Pumailanlang ang intro ng kantang *Remember Me This Way* ni Lionel Richie. Bakit pakiramdam niya ay may bahagi ng pagkatao

ninyang nawala sa pag-alis ni Mariku?

*I know you can't stay  
But part of you will never ever go away  
Your heart will stay*

Puso ba niya ang nadala nito tulad ng sinasabi sa kanta? Has he really fallen in love with a child? Napailing siya. Kinuha niya ang keychain at itinaas. May dalawang palawit iyon. Isang hugis-pusong pendant at isang violin. Kinuha niya ang susi ng kanyang motor at isinabit doon ang keychain.

Napabaling siya sa kinaroroonan ng bahay ng mga ito nang may ideyang pumasok sa isip. Tumayo siya at sinamsam ang cassette player at ang sulat saka bumalik sa kanyang motor.

Naka-padlock ang gate ng bahay nina Mariku. Napansin siya ng isang babae sa katapat na bahay.

*“Sin-o ginapangita mo, To?”* tanong nito.

Bumaba siya ng motor at lumapit dito. “Yung mga nakatira diyan, ano po ang apelyido nila?”

“Ay, Tagalog ka *gali*. Ikaw ang apo ni Doña Amalia?” usisa nito.

Napatango si Jessie. “Nagkakilala po kami ni Mariku, pero hindi ko naitanong ang apelyido at saka ang address nila sa Maynila.”

“Lacsamana. Pero nagbalik na yata sila ng Manila *kagina*,” sagot nito sa naghahalong Tagalog at Hiligaynon.

“May mga kamag-anak ba sila dito?”

Marahang umiling ang babae. “Ay, wala na, To. Ang mga kapatid ni Julian ay nasa iba’t ibang lugar na rin, sumama sa kung saan ang mga asawa. Naipagbili na din ang parte ng lupa na minana nila sa mga magulang. Itong kanila na lang ang natitirang hindi pa naipagbibili.”

“Gan’un po ba? Alam po ba ninyo ang address nila sa Maynila?”

“Ay, pasensya na, To, wala ko *kabalo kun* saan sila nakatira doon.”

Napabuntunghininga siya. “Sige po, salamat na lang.” Bumalik siya sa kanyang motor.

Habang bumabalik sa *Villa Romana* ay tila nakalutang ang utak ni Jessie. Sobra siyang nawili sa mga pagkakataong magkasama sila ni Mariku na ang mahahalagang bagay na dapat niyang malaman ay hindi niya naitanong dito.

Ang tanging konsolasyon na lamang niya ay babalik pa ito sa susunod na bakasyon. Minsan pa ay napabuntunghininga siya. May palagay siyang magiging napakahaba ng taong ito.